## Chapter 6

Mikaya's POV

I bring my son to the amusement park, tingin siya ng tingin sa paligid na parang naninibago siya. When we are in the province I used to bring him in a place like this pero hindi sa amusement park na kasing laki nito kaya siguro panay ang tingin niya sa paligid.

Pinaupo ko siya sa isa sa mga bleachers na naroon at pinagmasdan, nakakunot ang noo nito at nakasimangot na. Alam ko na agad, nagugutom na ito.

"You hungry?"

Malambing na tanong ko sa kanya. Napangiti naman agad siya pagkatapos ay lumapit sa akin at niyakap ako. Inilabas ko ang baon naming sandwich na ginawa ni Mommy kanina.

"Kain na."

Sabay abot ng sandwich at agad din naman niya itong tinanggap.

"Thank you, Mommy."

Nakangiting sambit niya. How cute.

Wala nga pala kaming dalang bottled water kaya naman nagpaalam ako kay Aling Myrna na bibili lang ako saglit.

Naglakad lakad ako sa labas ng amusement park at naghanap ng malapit na convinience store. Ng makakita ako ay agad akong bumili.

Pabalik na sana ako sa amusement park ng may lalaking humawak ng aking kamay mula sa likuran. It was Justine.

"Ano bang ginagawa mo?"

Sabay bawi ng kamay na hawak niya.

"Let's talk."

Maikling sagot niya habang nakatitig sa akin.

"Wala tayong dapat pag-usapan."

Tatalikod na sana ako sa kanya ng magsalita siyang muli. Ayoko siyang makausap dahil simula ng bumalik ako dito sa Maynila sinabi ko sa sarili ko na I want to avoid him para sa ikatatahimik ng lahat. Ayoko ng magulo ulit ang buhay ko na pinipilit ko pa ring ayusin hanggang ngayon.

"So, after four years bumalik ka na and I heard you have a son. Akala ko nung una, chismis lang pero totoo pala. Sino ang ama ng bata?"

Seryoso niyang tanong sa akin.

Napatigil ako ng sabihin niya yun. Ng tingnan ko siya ay hindi na siya ang Justine na nakilala ko noon. He's a different person now, galit at hinanakit ang nakikita ko sa mata niya. Hindi ko na siya kilala ngayon.

"Hindi mo kailangang malaman."

Dahil hindi naman siya ang ama ng bata at mas masasaktan lang siya kapag nalaman niya ang totoo.

+20 BONUS



"Mikaya, ano ba sabihin mo na, sino ang ama ng bata?"

Galit na sigaw niya pagkatapos ay hinawakan nito ang braso ko. Mahigpit ang pagkakahawak niya at nasasaktan ako.

"Ano ba nasasaktan ako. Let me go."

Sigaw ko sa kanya habang pinipilit na binabawi ang brasong hawak niya. Nakakahiya dahil pinagtitinginan na kami ng mga tao sa paligid.

"Gagawin ko lang yun kapag sinabi mo na kung sino ang ama ng bata."

Sagot niya habang nakatitig pa rin sa akin. Nakakatakot siya.

"Bakit ba gustong gusto mong malaman ha? Hindi ko alam, hindi ko kilala."

Sigaw ko sa kanya para bitawan na niya ang braso ko.

"Ano?"

Naguguluhang tanong niya.

"You heard me okey? I made a mistake that night at hindi ko kilala ang ama ng anak ko at wala din naman akong balak na hanapin siya. Masaya na kami ng anak ko na kaming dalawa lang. Kaya pwede ba tigilin mo na ako. Huwag mo na akong susundan, dahil ayoko ng gulo."

Pagkatapos ay umalis na ako. Pero hinabol niya pa rin ako.

"Mikaya, wait please."

"Ano na naman?"

Nagbago ang ekspresyon niya ng muling tumingin sa akin and now I'm seeing different emotions of a man that I loved four years ago.

"I'm sorry. Hindi ko alam, I have no idea kung anong nangyari sayo. Pagkatapos mong magpaalam ng gabing yun, nawala ka na lang bigla. Hindi ko alam kung saan ka nagpunta, pati pamilya mo hindi alam kung ano na bang nangyari sayo. Hinanap kita and when I talked to Bea she said na pabayaan na kita at irespeto ko ang desisyung ginawa mo. Alam kong alam niya kung nasaan ka ng mga oras na yun pero kahit anong gawin ko ayaw niyang sabihin sa akin. Ang sakit dahil wala man lang akong nagawa ng mga oras na yun para sayo. Kung sinabi mo lang sa akin na buntis ka, kaya ko naman panagutan ang bata, kayong dalawa."

"Pero alam nating pareho na hindi ikaw ang ama ng bata. "

"Kahit na, kaya ko namang akuin ang responsibilidad ng mga panahong yun dahil mahal na mahal kita."

"Hindi mo ako naiintindihan."

Umiiyak kong sambit sa kanya. Siguro ito na yung tamang oras para sabihin ko yung mga bagay na matagal ko ng gusto sabihin sa kanya.

"Then please help me understand!"

"Ginawa ko yun hindi para sa sarili ko, ginawa ko yun para sayo. Dahil alam ko na kapag nalaman mong buntis ako, pananagutan mo ako kahit na hindi mo anak ang dinadala ko. Kilala kita Justine, pero hindi

ako papayag na masira din ang pangarap mo dahil sa akin. Dahil sa pagkakamaling nagawa ko."

"Kaya ba nakipaghiwalay ka sa akin?'

"Oo, dahil alam kong mas makabubuti kung lalayo na lang ako sayo. "

"Pero sa paglayo mo mas lalong nasira ako, hindi ko alam kung makakaya ko bang bumangon. Halos mabaliw ako kung saan kita hahanapin dahil wala akong kahit anong idea kung saan ka nagpunta. Bakit hindi ka man lang nagpaalam kung saan ka pupunta? Bakit hindi mo man lang ako sinabihan? Bakit kailangan mong sarilinin ang lahat?"

"Kailangan ko pa bang sabihin sayo? Ang dami mo ng inaasikaso ng mga panahong yun, nag-aalaga ka sa nanay mo na kagagaling lang sa hospital, tumutulong ka din sa negosyo niyo at nag-aaral ka pa, tapos ano dadagdag pa ako? Magiging pabigat lang ako sayo. Kaya mas pinili kong gumawa ng desisyun para sa sarili ko. I had no choice kaya kahit mahal na mahal kita, kinailangan kong iwan ka. Pero wag kang mag-alala dahil kinaya ko naman lahat, kinaya ko kahit mag-isa lang ako."

"Ngayon hindi mo na kailangan solohin lahat, nandito lang ako Mikaya. I'm willing to be the father of your child. I will treat him like my own. Hindi pa naman huli ang lahat hindi ba? Pwede tayong magsimula ulit kasama ng anak mo."

Umaasa niyang tanong sa akin. Hindi agad ako makasagot at nakatitig lang sa kanya. Akala ko ay nagbago na siya pero hindi pala. He's still the guy that I love four years ago. Pero iba na ang panahon ngayon, I have a son now at hindi ako pwedeng magpadalos dalos ng

desisyun. I don't want to make another mistake again. Hindi pwedeng sarili ko lang ang iisipin ko, paano naman ang mga  taong nasa paligid ko.

Comments Support